# PANATALIHIN ANG PAGKATANGGAL NG PARUSANG KAMATAYAN SA PILIPINAS!

WORLD COALITION
AGAINST THE DEATH PENALTY

Kasama ng

COMMISSION ON HUMAN RIGHTS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES




Protesta para sa paglaya ni Mary Jane Veloso.

# MGA KASALUKUYANG INISYATIBO NG PILIPINAS LABAN SA PARUSANG KAMATAYAN

**1986** Walang pasubaling pinagtibay ng Pilipinas ang Internasyunal na Kumbensyon hinggil sa Karapatang Sibil at Pulitikal (International Covenant on Civil and Political Rights o ICCPR) noong 1986.

**1987** Ang parusang kamatayan ay unang ipinagbawal sa Pilipinas sa ilalim ng Konstitusyon ng 1987, ngunit ito ay muling ibinalik pagkalipas ng anim na toon. Noong ika-24 ng Hunyo 2006, naisabatas ang Batas Republika 9346: Ang Pagbawal sa Pagpataw ng Parusang Kamatayan sa Pilipinas (Republic Act 9346: An Act Prohibiting the Imposition of the Death Penalty in the Philippines). Muli nitong tinanggal ang parusang kamatayan sa pangalawang pagkakakataon.

**2007** Noong ika-20 ng Nobyembre 2007, ang Pilipinas ay naging pinakaunang bansa sa Timog Silangang Asya na nagtibay sa Ikalawang Opsyonal na Protokol ng ICCPR (Second Optional Protocol to the ICCPR o ICCPR-OP2). Sa pamamagitan ng pagsang-ayon sa kasunduang ito, lalong pinagtibay ng Pilipinas ang pangako nitong huwag bumitay ng sinumang tao sa loob ng hurisdiksyon nito at tuluyang wakasan ang parusang kamatayan nang walang pasubali. Bilang partido sa ICCPR-OP2, ang Pilipinas ay hindi pinahihintulutan na magpataw ng parusang kamatayan.

**2010** Noong Abril 2010, inaresto si Mary Jane Veloso, isang Overseas Filipino Worker (OFW) sa Indonesia, matapos na siya'y paghinalaan na nagpuslit ng iligal na droga sa kanyang maleta. Kahit na iginiit ni Veloso na siya ay inosente, siya ay nahatulan ng kamatayan noong Oktubre 2010. Si Veloso ay isa sa milyon-milyong OFW na nagtatrabaho sa ibang bansa, kung saan sila ay madalas na nahaharap sa mapanganib na kalagayan at mas madaling pagsamantalahan ng mga kriminal na grupo. Kinumpirma ng isang tagapagsalita ng Kagawaran ng Ugnayang Panlabas na ito ay patuloy na nagbabahagi ng suporta kay Veloso at sa kanyang pamilya.

**1** Rappler, 92 na migranteng Pilipino na nasa hilera ng kamatayan; 3,800 na nakakulong (2015), https://www.rappler.com/nation/filipinos-death-row-abroad-statistics.

**2** Laws 2, Ang Paggamit ng Parusang Kamatayan sa Pangangalakal ng Iligal na Droga sa Estados Unidos, Singapore, Malaysia, Indonesia at Thailand: Isang Legal na Paghahambing, (2013) https://www.mdpi.com/2075-471X/2/2/115/htm.

**Ang Pilipinas ay patuloy na nagbibigay ng suporta sa mga Pilipinong nahatulan ng parusang kamatayan sa ibang bansa, alinsunod sa nabanggit na mga olibasyon nito sa ilalim ng internasyunal na batas. Ang gobyerno ay nangako na ito ay tutulong sa sinumang Pilipino na nasa hilera ng kamatayan – "nagkasala man o hindi".[1]**

# POSIBLE BANG IBALIK ANG PARUSANG KAMATAYAN SA PILIPINAS?




Paghatid ng unang SONA ni Pangulong Duterte noong Hulyo 2016.

**2016** Mula nang maluklok sa puwesto si Pangulong Duterte noong 2016, paulit-ulit siyang nananawagan na muling ibalik ang parusang kamatayan at baliktarin ang mga hakbang ng mga nakaraang administrasyon na tanggalin ito. Ang mga panawagang ito ay nag-udyok sa mga mambabatas na gumawa ng mga panukalang batas na nag-aayong ibalik ang parusang kamatayan. Kapag napasa ang mga batas na ito, maaaring bitayin ang sinumang sangkot sa iba't-ibang uri ng mga krimen, karamihan ay nauugnay sa droga.

**2020** Noong ika-27 ng Hunyo 2020, ipinamahagi ni Pangulong Duterte ang kanyang ika-limang State of the Nation Address (SONA) at muli siyang nanawagan sa Kongreso na ibalik ang parusang kamatyaan gamit ang nakamamatay na iniksyon (lethal injection) para sa mga krimeng nakasaad sa Batas na Pinalawak sa mga Mapanganib na Droga ng 2002 (Comprehensive Dangeorus Drugs Act of 2002).

Noong ika-5 ng Agosto 2020, nagsimula ang debate sa Kongreso patungkol sa mga panukalang batas na naglalayong ibalik ang parusang kamatayan para sa iba't-ibang uri ng krimen, kabilang na ang pagbenta at paggamit ng iligal na droga, pagtataksil, pandarambong, panggagahasa at pagpatay. Sa kasalukuyan, mayroong 13 panukalang batas sa Kapulungan ng mga Kinatawan at 11 sa Senado.

Kailangang aprubahan ng Komite sa Hustisya (Committee on Justice) ang mga panukang batas upang maipasa ito sa plenaryo. Kapag napasa na ang mga ito, susuriin ito sa Senado, kung saan pwedeng gamitin ang bersyon ng Kapulungan ng mga Kinatawan upang mapabilis ang pagpasa ng panukalang batas. Kung naaprubahan ang panukalang batas nang walang pagbabago matapos ang ikatlong pagbasa, ipapasa ito sa Pangulo para sa kanyang lagda. Matapos itong lagdaan, magiging batas ito at muling maibabalik ang parusang kamatayan sa Pilipinas.

**Bagamat nabigo ang mga nakaraang panukalang batas sa Kongreso, nananatiling nakakapagpabagabag ang mga apela na muling ibalik ang parusang kamatayan sa Pilipinas. Madalas na kinakatwiran ng marami na ang parusang kamatayan ay isang mabilis at epektibong solusyon sa talamak na problema ng droga sa bansa. Gayunpaman, ang isyung ito ay isang sintomas ng mas malalim na problemang nakaugat sa kahirapan at hindi-pantay na pag-unlad ng ekonomiya. Ang mga problemang ito ay hindi malulutas ng parusang kamatayan, na hindi kailanmang napatunayan bilang isang mabisang hadlang sa paggamit ng iligal na droga. Ang merkado ng droga ay patuloy na lumalaganap sa mga bansa na nagpapatupad ng parusang kamatayan, tulad ng Saudi Arabia, Iran, Tsina, at Malaysia.[2]**

# 10 DAHILAN KUNG BAKIT HINDI DAPAT IBALIK ANG PARUSANG KAMATAYAN SA PILIPINAS



Agence France-Presse

Mga presong natutulog sa masikip na bilangguan sa Lungsod ng Quezon, Maynila

## 1. Walang estado ang dapat may kapangyarihan na bawiin ang buhay ng tao.

Ayon sa ikatlong artikulo – o ang Katipunan ng mga Karapatan – ng Konstitusyon ng 1987, hindi dapat alisan ng buhay, kalayaan o ari-arian ang sinumang tao nang hindi dumadaan sa makatarungang paglilitis. Nangako ang pamahalaan na proktekahan ang buhay at kalayaan ng bawat indibidwal at bigyang prayoridad ang karapatan sa dignidad ng lahat ng tao.[3]

**Bilang isang parusang malupit at hindi makatao, direktang linalabag ng parusang kamatayan ang mga probisyong ito sa Saligang Batas.**

## 2. Hindi ito mababawi.

Noong 2004, inamin ng Korte Suprema sa kasong People vs. Mateo na 71.77% ng mga kasong nahatulan ng parusang kamatayan ay mali, at ang mga kasong ito ay binago o binalewala. Sa labing-isang taong panahong iyon mula nang maibalik ang parusang kamatayan noong 1993, humigit-kumulang 1,493 na mga kaso ng parusang kamatayan ang ipinataw, ngunit 230 lang sa mga ito ang napatunayang tama.

**Ang sistema ng hustisya da Pilipinas ay maaaring magkamali, at ang pagbitay sa isang inosenteng tao ay hindi na maaaring mabawi.**

## 3. Ito ay hindi patas at madalas na ginagamit laban sa mahihirap.

Kung maibabalik ang parusang kamatayan sa Pilipinas, ang mga taong mahihirap ay patuloy na magiging biktima ng mga maling sintensya sa korte. Bago maalis ang parusang kamatayan noong 2006, 81% ng 1,121 na presong nasa hilera ng kamatayan ay mayroong mga trabahong mababa ang kita (sa sektor ng kalakalan, serbisyo, paktorya, agrikultura, transportasyon o konstruksyon), at 73% sa kanila ay kumikita ng mas mababa sa 10,000 PHP kada buwan.[4]

**Sa Pilipinas, ang pagtatanggol sa isang kasong kapital ay maaaring umabot ng higit sa 329,000 kada taon[5]– higit na lagpas sa kayang bayaran ng pangkaraniwang preso**. Si Leo Pilo Echegaray, ang unang taong binitay gamit ang lethal injection sa Pilipinas noong 1999, ay isang manininda ng isda.[6] Pinapatunayan ng kanyang kaso sa Korte Suprema na ang Batas Republika 7659: Isang Batas na Nagpapataw ng Parusang Kamatayan

sa mga Karumal-dumal na Krimen (Republic Act 7659: An Act to Impose the Death Penalty on Certain Heinous Crimes) ay "ginagamit laban sa mahihirap at walang kapangyarihan sa lipunan – yaong mga hindi kayang bayaran ang mga serbisyong legal na kinakailangan sa mga kasong kapital, kung saan mas matindi ang paghahanda, pagsisiyasat; pananaliksik at pagtatanggol."[7]

## 4. Ito ay malupit at hindi makatao.

Noong 1994, ang mga bilanggong nahatulan ng kamatayan sa Pilipinas ay maaaring maghintay sa pagitan ng 12 at 18 na buwan para sa kanilang pagbitay. Sa panahong ito, sila ay sumasailalim sa matinding sikolohikal na paghihirap. Sa ibang mga bansa, tulad ng Estados Unidos, ang mga bilanggo ay maaaring manatili sa hilera ng kamatayan nang higit sa isang dekada – minsan ay higit sa 20 taon.[8] Bukod dito, marami sa kanila ay namumuhay sa hindi-makataong kondisyon sa mga kulungan, kung saan sila ay maaaring abusuhin, pahirapan, at pagbantaan ng mga pulis. Halimbawa, **si Richard Ong ay sinentensiyahan ng kamatayan noong 1996 at iginiit niya na siya ay piniring, pinahirapan, kinuryente, at pinilit sa pag-amin habang siya'y nasa kulungan.[9] Maaari ding magkaroon ng bigong pagbitay, na lalong dumadagdag sa kanilang paghihirap**. Noong Abril 1950, si Alejandro Carillo ay nahatulan ng kamatayan sa pamamagitan ng silya elektrika (electric chair). Sa kanyang pagbitay, nagkaroon ng problemang teknikal, at kinailangan siyang kuryentehin nang dalawang beses bago idineklarang patay.[10]

3 Opisyal na Pahayagan ng Pilipinas. Ang Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas (1987), https://www.officialgazette.gov.ph/constitutions/ang-konstitusyon-ng-republika-ng-pilipinas-1987/.

4 The Manila Times, Ang mahihirap ay mas malamang na masintensyahan ng kamatayan (2016), https://www.manilatimes.net/2016/05/21/news/top-stories/poor-vulnerable-to-death-penalty/263381/.

5 FLAG, Dokumentong Naglalahad ng Posisyon ng FLAG Anti-Death Penalty Task (2019), https://www.facebook.com/ANTIDEATHPENTF/posts/2409684979291659.

6 Kasarinlan: Philippine Journal of Third World Studies, Ang Paglilitis sa Mahihirap sa Sistemang Hudisyal ng Pilipinas (1999).

7 Ang Katauhan ng Pilipinas VS. Leo Echegaray y Pilo (1997), https://lawphil.net/judjuris/juri1997/feb1997/gr_117472_1997.html.

8 Death Penalty Center, Oras sa Hilera ng Kamatayan (2019), https://deathpenaltyinfo.org/death-row/death-row-time-on-death-row.

9 Amnesty International, Ang Parusang Kamatayan: Kriminalidad, Hustisya at Karapatang Pantao (1997).

10 ABS-CBN News, How we kill: Notes on the death penalty in the Philippines ( 2019), https://news.abs-cbn.com/spotlight/07/14/19/how-we-kill-notes-on-the-death-penalty-in-the-philippines-part-2.

11 Kagawaran ng Katarungan, Hustisyang Mapanibago (2017), https://probation.gov.ph/restorative-justice/.

## 5. Tinatanggal ng parusang kamatayan ang kahit anong posibilidad ng rehabilitasyon.

Ang desisyon na tanggalin ang parusang kamatayan noong 1987 ay naimpluwensiyahan ng argumento na ang mga modernong sistema ng hustisya ay naglalayong magbagong-buhay ang mga preso at makabalik sila sa lipunan, imbes na sumailalim sila sa parusang mapaghiganti. Ang Pilipinas ay kasaping bansa ng Komisyon sa Pagsugpo ng Krimen at Hustisyang Kriminal (Commission on Crime Prevention and Criminal Justice) at iminungkahi nito ang pagtibay sa mga Pangunahing Prinsipyo sa Paggamit ng Programang Makatarungan at Makapagpanibago sa mga Isyung Pang-kriminal (Basic Principles on the Use of Restorative Justice Programmes in Criminal Matters). Nangako ang pamahalaan na magtaguyod ng isang "mas makataong sistema ng hustisya at magsulog ng pagbabagong-buhay para sa mga nagkasala".[11] Ang Kawanihan ng Pagwawasto (Bureau of Corrections) at ang Lupon ng Parol at Probasyon (Parole and Probations Board) ay parehong naglalayon tungo sa mabisang rehabilitasyon at pagbalik ng mga preso sa lipunan – isang layunin na hindi makakamtan gamit ang parusang kamatayan.

## 6. Ito ay direktang lumalabag sa ilang mga kasunduang internasyonal.

Ang Pilipinas ay pumirma sa iba't-ibang mga internasyonal na kasunduan na pinapangalagaan ang karapatang pantao at ipinagbabawal ang parusang kamatayan, kabilang na ang ICCPR-OP2. **Ang Protocol ay walang probisyon ng pag-atras. Ibig sabihin nito na ang Pilipinas ay nanumpa na permanenteng tanggalin ang parusang kamatayan noong ipinagtibay nito ang ICCPR-OP2 noong 2007**. Sa gayon, kapag ibinalik sa Pilipinas ang parusang kamatayan, ito ay direktang paglabag sa mga internasyonal na kasunduan ukol sa karapatang pantao at pagkontrol sa droga. Lubusang mapipinsala ang reputasyon nito sa internasyonal na komunidad.

**Bukod dito, ang panunumbalik ng parusang kamatayan ay maaaring magresulta sa pagkawala ng mga benepisyo na kasalukuyang tinatamasa ng Pilipinas sa Pangakalahatang Sistema ng mga Pribilehiyo (Generalized System of Privileges o GSP+) ng Unyong Europeo (European Union)**. Sa

pamamagitan ng programang GSP+, ang mga export ng Pilipinas ay mas madaling nabebenta sa mga pamilihan sa Europa, hangga't patuloy nitong ipinapatupad ang ICCPR at ang iba pang mga kasunduan ukol sa karapatang pantao at pagkontrol sa droga. Samakatwid, nanganganib na mawala ang mga pribilehiyong ito kapag muling ibinalik ng Pilipinas ang paursang kamatayan.

## 7. Ito ay nagdudulot ng mas matinding sakit at pagdurusa, lalo na para sa mga kamag-anak ng taong nahatulan ng kamatayan.

"*Totoo ito ayon sa aking sariling karanasan bilang isang kapelyan. Kapag ang isang tao ay nabilanggo, ang mga bata ang naghihirap. Paano pa kaya kapag binitay?*" – Padre Silvino Borres, Jr., S.J., Koalisyon Laban sa Parusang Kamatayan (Coalition Against the Death Penalty o CADP)

**Ang pagkawala ng isang miyembro ng pamilya ay nagdudulot ng matinding emosyonal at sikolohikal na pasakit, pati na rin ng pinansyal na paghihirap para sa buong pamilya, lalo na kapag ang akusado ay galing sa kahirapan**. Sa Pilipinas, ang pagtatanggol sa isang kasong kapital ay maaaring umabot ng hanggang 329,000 PHP. Hindi pa kasama dito ang pagkawala ng hanap-buhay dahil ang kamag-anak ay nakakulong at hindi makapagtrabaho.[12]

## 8. Taliwas sa paniniwala ng mga tao, ito ay hindi epektibong solusyon sa krimen at hindi nito pinapanatiling ligtas ang lipunan.

**Hindi tiyak na ipinapakita ng mga istatisika na ang parusang kamatayan ay isang mabisang hadlang sa krimen**. Ang antas ng krimen sa Pilipinas ay mas mataas noong ipinapatupad ang parusang kamatayan. Sa katunayan, ito ay bumaba mula sa 7.10 na pagpatay kada 100,000 katao noong 2006, hanggang sa mas mababang antas matapos na tanggalin ang parusang kamatayan (6.7 na pagpatay kada 100,000 katao noong 2007 at 6.4 na pagpatay kada 100,000 katao noong 2008).[13]

## 9. Hindi lahat ng pamilya ng mga biktima ng krimen ay nagnanais na patawan ng parusang kamatayan ang salarin na pumaslang sa kanilang kamag-anak.

Maraming kamag-anak ng mga biktima ng krimen ang nagsasalita laban sa parusang kamatayan sa kabila ng pagpatay ng kanilang mga mahal sa buhay. Ang ina ng aktres na si Cherry Pie Picache ay ninakawan at pinaslang noong 2014, ngunit patuloy niyang tinututulan ang pagbabalik ng parusang kamatayan sa bansa. Naniniwala siya na **ang krimen ay maaaring masolusyunan sa pamamagitan ng pagtugon sa problema ng droga at pagbibigay ng kalidad na edukasyon sa lahat ng tao, at hindi sa pamamagitan ng muling pagbalik sa parusang kamatayan**.[14]

## 10. Dahil sa mga kasalukuyang hakbang upang ibalik ang parusang kamatayan, nalilihis ang atensyon ng publiko at ang pondo ng gobyerno mula sa mabisang pagtugon sa pandemya ng COVID-19, at pati na rin sa mga pangmatagalang solusyon sa problema ng droga.

Sa panahon ng pandemya, mas dapat na pagtuunan ng pansin ng gobyerno ang pagpigil sa pagkalat ng COVID-19 at sa paggamot sa mga may-sakit, sa halip na magdulot ng higit na pasakit sa pagkamatay sa pamamagitan ng parusang kamatayan. Ang mga hakbang tungo sa pagkabalik nito ay hindi dapat isaalang-alang, lalo na't libu-libong Pilipino ang tuluyang naghihirap at namamatay mula sa COVID-19.

**Bukod dito, mas mabisang magagamit ang pondo ng gobyerno kapag inilaan ito sa pangmatagalang solusyon sa problema ng droga at krimen, tulad ng pagpapabuti sa kalusugan ng publiko, pagbibigay ng kalidad na edukasyon para sa lahat ng Pilipino, pantay na paglago ng ekomoniya para sa lahat, at marami pang iba.**

12 FLAG, Dokumentong Naglalahad ng Posisyon ng FLAG Anti-Death Penalty Task (2019), https://www.facebook.com/ANTIDEATHPENTF/posts/2409684979291659.

13 Antas ng Krimen sa Pilipinas 1990-2020 (2020), https://www.macrotrends.net/countries/PHL/philippines/crime-rate-statistics.

14 Inquirer, Cherry Pie PIcache: Solusyunan ang problema ng droga at kakulungan sa edukasyon sa halip na ibalik ang parusang kamatayan (2019).

# 10 BAGAY

## NA MAAARI MONG GAWIN UPANG PANATILIHIN ANG PAGKATANGGAL NG PARUSANG KAMATAYAN SA PILIPINAS

### 1. Makilahok sa iba't-ibang mga kaganapan at mga inisyatibong isinaayos

para sa pagwawakas sa parusang kamatayan sa buong mundo. Sundin ang mga post ng mga grupong aktibong lumalaban sa parusang kamatayan, tulad ng Komisyon sa Karapatang Pantao (Commission on Human Rights).

### 2. Magsagawa ng isang pampublikong demonstrasyon

Sa pag-organisa nito, isaalang-alang ang mga patakaran upang iwasan ang karagdagang transimsyon ng COVID-19. Mangyaring sundin ang patnubay ng inyong lokal na pamahalaan at gamitin ang wastong pag-iisip sa lahat ng oras.

### 3. Kumolekta ng mga sulat o email

at ipadala ang mga ito sa iyong lokal na kinatawan sa Senado o sa Kapulugan ng mga Kinatawan. Kung sila ay nagpasa ng panukalang batas na naglalayong ibalik ang parusang kamatayan, tugunan ang kanilang mga punto at ipaliwanag kung bakit dapat panatilihin ang pagkatanggal nito sa Pilipinas.

### 4. Magbigay ng donasyon

o suporta sa mga grupong nagtatrabaho laban sa parusang kamatayan.

### 5. Mag-organisa ng isang pagtitipong birtuwal

Maaari ito maging isang webinar, sesyon ng pagsasanay, talakayan, pampublikong debate o pagpapalabas ng pelikula ukol sa parusang kamatayan.

### 6. Sumali sa isang palabas sa telebisyon o sa isang programa sa radyo upang magsalita laban sa parusang kamatayan

### 7. Sundin ang kampanya sa social media

(Facebook, Instagram at Instagram) ng Pandaigdigang Araw Laban sa Parusang Kamatayan (World Day Against the Death Penalty). Gamitin ang hashtag na #nodeathpenalty.

### 8. Pakilusin ang media

upang magkaroon ng mas malawak na kamalayan ang publiko ukol sa isyu ng parusang kamatayan.

### 9. Mag-ayos ng isang tanghalan ng mga likhang-sining

ng mga taong hinatulan ng kamatayan, ng mga larawan ng mga taong nasa hilera ng kamatayan, o isang (birtuwal na) dula.

### 10. Makilahok sa "Mga Lungsod Laban sa Parusang Kamatayan / Mga Lungsod Para sa Buhay"

(Cities Against the Death Penalty / Cities for Life) sa ika-30 ng Nobyembre 2020.

# PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON :

**Ang Pandaigdigang Koalisyon Laban sa Parusang Kamatayan (World Coalition Against the Death Penalty) ay isang alyansa ng higit sa 160 na mga organisasyon, mga asosasyon ng bar, mga lokal na awtoridad at mga unyon. Linalayon ng Pandaigdigang Koalisyon na palakasin ang internasyonal na dimensyon ng laban sa parusang kamatayan. Ang pangunahing layunin nito ay ang tuluyang pagwawaksi sa paggamit ng parusang kamatayan sa lahat ng dako ng mundo. Ang Pandaigdigang Koalisyon ay nag-uugnay ng madalas na kanya-kanya at hiwa-hiwalay na aksyon ng mga lokal na miyembro nito. Sinusuportahan nito ang kanilang mga lokal na inisyatiba, habang patuloy na ginagalang ang kanilang independensiya.**

Linikha ng Pandaigdigang Koalisyon ang Pandaigdigang Araw Laban sa Parusang Kamatayan noong ika-10 ng Oktubre 2003. Alamin ang lahat ng mga pangyayaring kaugnay sa Pandaigdigang Araw Laban sa Parusang Kamatayan sa: **http://www.worldcoalition.org/worldday.html**

www.facebook.com/worldcoalition

@WCADP

**www.worldcoalition.org**

Pandaigdigang Koalisyon Laban sa Parusang Kamatayan
Mundo M, 47, avenue Pasteur, 93100 Montreuil, France
Telepono: +33 1 80 87 70 43

WORLD COALITION AGAINST THE DEATH PENALTY

Commission on HUMAN RIGHTS
Republic of the Philippines

SAAC Building, UP Complex,
Commonwealth Avenue, Diliman,
Quezon City 1101

Tel.: +63 (02) 8294-8704
(Standard)
+63920 506 1194 (Smart)
+63936 068 0982 (Globe)

chrp.hrepo@gmail.com
chrp.policy@gmail.com

www.facebook.com/worldcoalition

@WCADP

Ang CHRP, bilang pambansang institusyon ng karapatang pantao ng Pilipinas, ay mayroong mandato na ipinagkaloob ng 1987 Konstitusyon ng Pilipinas at ng Paris Principles na itaguyod at protektahan ang buong saklaw ng karapatang pantao, kabilang ang mga karapatang sibil at pampulitika, pang-ekonomiya, panlipunan at pangkultura. May responsibilidad itong iulat at subaybayan ang estado ng karapatang-pantao at ang mga paglabag dito, at magrekomenda ng mga hakbang upang maisulong ang katuparan nito at ang dignidad ng lahat.

**www.chr.gov.ph**